# GABAY PARA SA MGA ETIKA SA PANANALIKSIK (2014)

## Kagawaran ng Filipino Paaralang Humanidades

Mahalaga ang papel ng pananaliksik sa mga araling Filipino at Humanidades kaya may matinding diin ang pamantasan sa mga karapatan at mga pananagutan ng mananaliksik.

Bilang konsepto, tinutukoy ng mga etika sa pananaliksik ang ilang mga tala hinggil sa mga halagahan, istandard, at institusyonal na iskema na nakapaloob at nagpapaandar sa mga gawaing pang- agham, (http://graduateschool.nd.edu/assets/21765/guidelinesresearchethicsinthesocialscienceslawhumanities.pdf). Gayundin, malaking bahagi ang pananaliksik, kritikal na pagsusuri, at siyentipikong komunikasyon sa mga pag-aaral na kultural, araling panlipunan at humanidades. Sa Kagawaran ng Filipino, malawak ang saklaw ng pag-aaral at pananaliksik sa Filipino, sa iba't ibang larang at disiplina, gaya ng wika, pagsasalin, iba't ibang anyo ng panitikan at malikhaing pagsulat, teatro, sining biswal, mga pag-aaral na kultural (kasama na rito ang pag-aaral ng kulturang popular gaya ng pelikula at komiks), pilosopiya, kasaysayan at mga araling panlipunan (kasama na rito ang sosyolohiya ng bata at sikolohiya ng bata, at iba pa).

Ang gabay na ito sa mga etika sa pananaliksik ay naglalaman ng mga batayan at istandard sa iba't ibang proseso ng pananaliksik, kasama na ang ugnayan ng mga mananaliksik/guro (para sa mga pangkatang proyekto), ugnayan ng guro/tagapayo sa mga mag-aaral/mananaliksik, ugnayan ng mananaliksik at kalahok/mga kalahok sa pananaliksik, ugnayan ng mananaliksik sa mga kasangkot sa pag-aaral, at mga tungkulin at pananagutan sa paggamit, distribusyon, at pagpapalaganap ng pag- aaral.

Nahahati sa tatlong bahagi ang gabay na ito, una ay may kinalaman sa pangangasiwa at superbisyon ng guro/tagapayo sa pananaliksik ng mga mag-aaral; ikalawa ay may kinalaman sa indibidwal na pananaliksik ng guro/mananaliksik (kasama rito ang fellowships/grants); ikatlo, ay

patungkol sa mga saliksik na nais isagawa ng Kagawaran (kasama rito ang pangkatang saliksik na lalahukan ng ilang guro ng Kagawaran). Ilan sa mga napaghalawang sanggunian para sa tentatibong listahang ito ay mula sa University Code of Research Ethics ng mga Paaralang Loyola, Guidelines for Research Ethics in the Social Sciences, Law and the Humanities (mula sa National Committees for Research Ethics ng bansang Norway), Guidance Note for Researchers and Evaluators of Social Sciences and Humanities Research (2010, ec.europa.eu)

## Hinggil sa karapatang-ari sa pananaliksik

Maliban na lamang kung may ibang kasunduan sa pagitan ng mananaliksik at tagasuporta ng pag-aaral, may karapatang-ari ang mananaliksik sa kaniyang pag- aaral (datos, papel na isinulat), at hindi ito maaaring gamitin ninuman (para sa iba pang pag-aaral at publikasyon) nang walang pahintulot mula sa mananaliksik.

## Hinggil sa pananaliksik-artsibo

Bahagi ng etika sa pananaliksik ay ang pagtiyak na magsagawa muna ng saliksik- artsibo ang mananaliksik/mag-aaral bago ito dumulog sa iba pang metodo ng saliksik tulad ng mga panayam at sarbey. Kailangang magpakita ang mananaliksik/mag-aaral ng kasanayan sa wastong pagtatala, pagsipi, at paggamit ng mga sangguniang bunga ng pananaliksik sa artsibo, upang maiwasan ang plahiyo (plagiarism).

Ilang gabay sa pangangasiwa ng pananaliksik ng mga mag-aaral at iba pang gawain sa labas ng unibersidad:

Para sa mga gawain sa labas ng klase, gaya ng fieldtrip na nangangailangan ng pagpasa ng papel bilang kahingian sa klase:

1) Ipaalam sa tagapangulo at mga kalihim ng Kagawaran ng Filipino kung may gawain ang klase sa labas ng unibersidad, kung saan ito, kung kailan ang petsa ng gawain, at kung ilan sa mga mag-aaral ang kalahok sa gawain.

2) Kailangang magpasa ng liham/waiver na napirmahan ng

magulang/guardian ng mga mag-aaral, para sa mga gawain sa labas ng unibersidad na may kinalaman sa klase (fieldtrip, paggawa ng fieldwork at ethnographic research, pagsagawa ng mga panayam at survey).

3) Sa paggawa ng mga mag-aaral ng kanilang pananaliksik na nangangailangan ng partisipasyon ng mga indibidwal:

a) Tiyaking nagabayan ang mga mag-aaral sa proseso ng paggawa ng fieldwork, lalo na kung sangkot ang/ang mga sensitibong paksa sa pag-aaral.

b) Ipaalala sa mga mag-aaral na humingi muna ng permiso sa/sa mga kakapanayaming indibidwal, sa pamamagitan ng liham na naglalaman ng paghingi ng pahintulot, na binigyang-pansin at may lagda rin ng guro/tagapayo.

c) Mahalagang tiyakin muna ng guro na nabasa at naaprubahan niya ang listahan ng mga tanong para sa sarbey/talatanungan, at mga tanong sa panayam, bago makapagsagawa ng pananaliksik ang mag-aaral. Kailangang napag-aralan na nang mabuti ng mag-aaral ang kaniyang paksa ng saliksik bago magsagawa ng panayam, upang matiyak ang obhektibitad, pag-iingat, at paggalang, sa kapapanayamin at sa proseso ng panayam at pangangalap ng datos.

d) Ipaalala sa mga mag-aaral na mahalagang humingi muna ng pahintulot sa mga indibidwal na kalahok sa pananaliksik para sa mga hakbang na gagawin sa pag-aaral, gaya ng pagkuha ng mga larawan, audio recording, pagkuha ng video footage.

**Para sa mga guro/mananaliksik**

Tungkol sa paghingi ng permiso sa mga indibidwal na kalahok sa pananaliksik at pagkilala sa posisyon nila bilang “kalahok”

Mahalagang kilalanin ang kalahok sa pananaliksik (hal., ang populasyong inobserbahan o nakapanayam, nasarbey, atbpa.,) bilang aktibong sangkot, at kung gayon ay kapwa may karapatang-ari sa datos/impormasyong naibahagi sa pananaliksik.

Mula sa Section IV.C ng University Code of Research Ethics ng Pamantasang Ateneo de Manila, nang may ilang karagdagang tala batay sa graduateschool.nd.edu, mahalagang ipaalam sa mga kalahok ng gagawing pag-aaral ang mga sumusunod:

1) Mahalagang makahingi muna ng permiso ang mananaliksik sa mga indibidwal na sangkot sa pananaliksik para sa mga hakbang na gagawin sa pag-aaral, gaya ng pakikipanayam, paggawa ng sarbey, pagkuha ng mga larawan, audio recording, pagkuha ng video footage, kung gaano katagal gagamitin ang mga materyal na ito, at kung sino/sinu-sino ang gagamit nito/may akses rito. Mahalagang nakatala ang informed consent na ito ng mga kalahok sa pamamagitan ng pirmadong consent form na malayang matatanggihan ng nabanggit sakaling hindi niya nais makibahagi sa naturang gawain.

2) Ang layunin ng saliksik, ang saklaw na panahon ng saliksik, ang mga hakbang na isasagawa sa pananaliksik, maging ang tungkulin ng mananaliksik sa isasagawang pag-aaral, at sa katapusan ng pananaliksik -- ang resulta ng pananaliksik. Mahalagang mabigyan ng sapat na impormasyon ang mga kalahok na maunawaan ang kalikasan ng pananaliksik. Mahalaga ring iparating ang mga impormasyong ito sa wikang nauunawaan ng mga kalahok sa pag-aaral.

3) Hindi dapat makaramdam ng anumang uri ng pamumuwersa ang mga indibidwal na kalahok sa pananaliksik, gaya ng pagbibigay ng mga datos na labag sa kanilang kalooban at paninindigan. May karapatan ang indibidwal na tumanggi at umurong mula sa kaniyang partisipasyon sa pananaliksik kahit pa nasimulan na ang kaniyang pakikilahok rito, at may karapatan din siyang malaman ang paraan kung paano babawiin ang nauna nang ibinigay na pahintulot ng kaniyang partisipasyon, at ang mga maaaring epekto ng pagtanggi at pag-urong mula sa saliksik. Ang pag-urong ng kasangkot sa saliksik ay hindi dapat magdulot ng anumang masamang epekto o pinsala sa indibidwal.

4) May responsibilidad at pananagutan ang mananaliksik sa kaligtasan at well- being/kapakanan ng mga kalahok.

5) Pag-iingat sa pagsasalin ng ideya ng mga kinapanayam/kalahok na indibiwal sa pananaliksik, mula pasalita patungong pasulat. Mahalagang matiyak ang katapatan ng nasaling impormasyon sa pamamagitan ng pagkunsulta at paglilinaw sa indibidwal na nakapanayam hinging sa katapatan ng salin. May karapatan ang sangkot na indibidwal na mabasa/magkaroon ng akses sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

6) Pagsasaalang-alang ng mga mananaliksik na bitbit nila ang pangalan ng Kagawaran ng Filipino at Pamantasang Ateneo de Manila sa kanilang pananaliksik, kung kaya tungkulin nilang pag-ingatan rin ang pangalan ng institusyong kanilang dala-dala.

7) Pagiging pribado ng mga datos/impormasyon na makakalap mula sa pananaliksik Mahalagang isaalang-alang ng mananaliksik ang paggalang sa privacy ng mga indibidwal na kalahok, kasama na rito ang pagiging confidential ng mga impormasyong kanilang ibinahagi sa saliksik. May karapatang malaman ng mga indibidwal na kalahok sa pag-aaral kung may akses ang ibang tao sa impormasyong kanilang ibinahagi. Hindi dapat gamitin ng mananaliksik ang impormasyong kaniyang nakalap sa anumang gawain maliban sa mismong pananaliksik o sa paraang makapipinsala sa mga indibidwal na kalahok sa kaniyang pag-aaral.

8) Remunerasyon o insentibo para sa partisipasyon ng mga indibidwal na kasangkot, kung mayroon. Kung sakaling wala, kailangang ipaalam rin ito sa mga indibidwal na sangkot sa pag-aaral. Mahalaga ang pagtitiyak na ang bahaging ginampanan ng mga kalahok sa pananaliksik ay hindi lumalampas sa hangganan ng pakikilahok dito.

**Para sa mga saliksik na nangangailangan ng partisipasyon ng mga menor de edad at kalahok na may natatanging pangangailangan (*special needs*) gaya ng *mentally* at *physically challenged*, miyembro ng *indigenous community*, at iba pa.**

Tiyaking mapangangalagaan ang karapatan, pangangailangan at kapakanan ng mga kalahok na menor de edad at may natatanging pangangailangan,

Karapatan nilang makatanggap ng proteksiyong angkop sa kanilang edad at

natatanging kondisyon.

Mahalagang may sapat na kaalaman at kasanayan ang mananaliksik na iangkop ang metodo at wika ng kanyang pagsasaliksik sa edad at wika ng kalahok. Kailangan ng pahintulot ng mga magulang o tagapangalaga ng menor de edad. Maliban pa sa pahintulot ng mga magulang o tagapangalaga, kailangan ding matiyak ang pahintulot ng mismong kalahok sa pagkakataong may kapasidad na itong bumubo /magpahayag ng sariling opinion.

Upang matiyak ang *informed consent* sa kaso ng mga menor de edad at may natatanging kondisyon na kalahok, mga magulang o tagapangalaga nila ang hihingan ng pahintulot at kung gayo'y pipirma sa naturang form para sa mga ito.

Mga kahingian sa paglalagak ng impormasyong makapagbibigay kilanlan sa indibidwal

Mahalagang mailagak nang maingat ang anumang datos na makapagbibigay kilanlan sa indibidwal. Hindi dapat malagak ang naturang mga datos nang lampas sa inaasahang panahon na kakailanganin upang matamo ang layunin ng pananaliksik.

## Preserbasyon ng mga monumentong kultural, koleksiyong *rare*

Inaasahan ang maingat na pagsasaliksik sa mga monumentong kultural at paggamit ng mga datos, lalo't higi't ang mga nasa *rare* at *special collection*, at na ang mananaliksik ay makatuwang ng mga tagapag-ingat (tauhan ng silid aklatan, artsibo, at iba pa) nito sa pananatili ng pisikal na kalidad ng mga nabanggit.

## Ugnayan sa pagitan ng mag-aaral/mananaliksik at tagapayo

Pangunahing tungkulin ng tagapayo ang pangalagaan at protektahan ang kapakanan (*best interest*) ng mag-aaral. Hindi niya kailanman maaaring abusuhin, sa anumang paraan at dahilan, ang kanyang awtoridad sa mag-aaral. Hindi niya maaaring

gamitin ang kanilang propesyunal na ugnayan upang isulong ang sariling pananaliksik o interes, o gamitin ang datos sa sariling pananaliksik.

## Paggamit sa resulta ng pananaliksik

Katungkulan ng mga mananaliksik, prinsipat at mga katuwang na matiyak ang katapatan ng presentasyon ng resulta ng pananaliksik. Hindi mapangangatwiranan ang anumang paglihis sa alinmang bahagi ng pananaliksik upang maidirehe ang resulta nito.

## Pagbabahagi ng resulta ng pananaliksik

Tungkulin ng mananaliksik na maipabatid nang malinaw at may pananagutan sa mga sangkot ng pananaliksik ang resulta nito.

## Hinggil sa Panggagalingan ng Pondo ng Pananaliksik

Inaasahan ang *transparency* hinggil sa pondong panggagalingan ng pananaliksik. Malinaw na may pangangailangan, kung gayon, ng pagdeklara sa pagmumulan ng pondo at pagpapakilala sa kalikasan ng ahensiyang pagmumulan ng pondo nang sa gayon, tuwirang makikita ang posisyon ng mananaliksik at pananaliksik mula sa interes ng nabanggit.

Sa kaso ng nakontratang pananaliksik, inaasahan ang malinaw na paglalatag sa papel (saklaw at hangganan) ng bawat sangkot (*stakeholders*). Gayon pa man, sa kaso ng disenyo at aktuwal na proseso ng pananaliksik, ang mananaliksik ang may higit na karapatang magdirehe nito.

Maliban sa mananaliksik (prinsipal at mga katuwang), inaasahan ang malinaw na paglalatag ng mga ahensiyang sangkot sa pananaliksik gaya ng ahensiyang pinagmumulan ng pondo, makikinabang o patutunguhan, indibidwal man o pangkat/organisasyon/ahensiya o institusyon, lalo't higit kung ito'y ebalwasyon at tungo sa pagpapaunlad ng huli.

Inaasahan din ang pagbibigay ng impormasyon hinggil sa kalikasan ng mga naturang ahensiya at antas ng kanilang pakikisangkot sa pananaliksik. Mahalaga rin ang pagkilala sa ahensiyang naglaan ng pondo para sa pananaliksik sa bawat presentasyong gagawin at paglimbag ng resulta ng

pananaliksik.